

Cook County **LEGAL AID** for Housing and Debt



Helping you resolve eviction, foreclosure, debt, and tax deed issues.

AVAILABLE ANG LEGAL NA TULONG NANG WALANG BAYAD PARA SA LAHAT NG RESIDENTE NG COOK COUNTY!

Tumawag sa (855) 956-5763 ngayon!

Tumawag sa hotline ng CCLAHD sa (855) 956-5763 para malaman kung paano ka makakakuha ng tulong sa paglutas ng iyong mga problema sa pabahay at utang. Available ang lahat ng serbisyo nang walang bayad sa mga residente ng Cook County at may-ari ng property, magkano man ang kanilang kinikita, o anuman ang kanilang ginagamit na wika o katayuan sa imigrasyon. Bukas ang hotline Lunes hanggang Biyernes, mula 9:00 - 4:30.

Makakatulong ang CCLAHD kung:

- ▶ Isa kang nangungupahang nahaharap sa pagpapaalis
- ▶ Isa kang landlord na nagnanais na magpaalis ng nangungupahan
- ▶ Dinedemanda ka dahil sa hindi nabayaranang utang
- ▶ Kailangan mong idemanda ang sinumang may utang sa iyo

AVAILABLE NA ANG TULONG SA PAG-UPA!

Matutulungan ng mga programa sa tulong sa pag-upa ang mga kwalipikadong landlord at nangungupahan sa pamamagitan ng pagbabayad ng hanggang sa 18 buwang halaga ng upa sa nakaraan at sa hinaharap. Maaaring kwalipikado ka kung ikaw ay isang nangungupahang hindi nakapagbayad ng iyong upa dahil sa COVID-19 at natutugunan mo ang mga kinakailangan sa kinikita. Kung naaprubahan ang iyong aplikasyon, direktang ibibigay ang mga pagbabayad sa iyong landlord. Bisitahin ang chicookilrenthelp.org para alamin pa ang tungkol sa mga programa sa tulong sa pag-upa.

Ang Cook County Legal Aid for Housing and Debt (CCLAHD, Legal na Tulong para sa Pabahay at Kautangan ng Cook County) ay isang inisyatibo sa buong county na makakatulong sa paglutas ng pagpapaalis, pagreremata, kautangan, at mga isyu sa kasulatan sa buwis na may mga libreng serbisyo, kabilang ang legal na tulong, pamamagitan, at pag-refer sa mga programa sa tulong sa pag-upa. Bisitahin ang www.cookcountylegalaid.org para sa impormasyon tungkol sa iba pang mga programa at serbisyo.



CARPLS Legal Aid (Legal na Tulong mula sa CARPLS)

Center for Conflict Resolution (Sentro para sa Paglutas ng Hindi Pagkakasundo)

Center for Disability & Elder Law (Sentro para sa Batas para sa Kapansanan at Mga Nakatatanda)

Chicago Volunteer Legal Services (Mga Legal na Serbisyo ng Mga Boluntaryo sa Chicago)

Greater Chicago Legal Clinic

Lawyers' Committee for Better Housing (Komite ng Mga Abogado para sa Mas Mabuting Pabahay)

Legal Aid Chicago (Legal na Tulong sa Chicago)

Legal Aid Society